ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVI Blg. 16
Disyembre 7, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Ganap na biguin ang Oplan Bayanihan ng US at papet na estado

Sa kaibuturan, ang Oplan Bayanihan ay isang masaklaw at malawig na kampanyang gera na inilunsad ng imperyalismong US, sa pamamagitan ng papet nitong estado, upang ipagtanggol ang bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at supilin ang lahat ng pwersang nagsusulong ng pakikibaka para sa demokrasya at pambansang paglaya.

Asahan nang itutuloy-tuloy ng US ang kampanyang gerang ito sa ilalim ng susunod na rehimen. Determinado ang US na supilin ang armado at di-armadong paglaban ng sambayanang Pilipino.

Ang Oplan Bayanihan ay pangunahing ipinatutupad ng Armed Forces of the Philippines (AFP), ang pinakanasasaligang organisasyon ng imperyalismong US. Isinasailalim ito ng US sa puspusang indoktrinasyon at mga pagsasanay, at todo-buhos na pinopondohan at inaarmasan upang magsilbing instrumento sa paghahari nito sa Pilipinas. Layunin ng US na ibayong buksan ang malalawak na lupain ng bansa sa ibayong pandarambong at ibayong supilin ang masang anakpawis upang lalo pang baratin at pigain ang murang lakas-paggawa ng mga manggagawang Pilipino.

Bilang nangungunang tagapagtupad ng Oplan Bayanihan, hangad ng AFP na hugasan ang duguan nitong kamay at magkaroon ng kredibilidad sa mata ng publiko. Inilunsad nito ang mga programang pampaganda at pampasilaw. Nagsusuot ito ng maskara ng "kapayapaan" at "karapatang-tao" sa tangkang pagtakpan ang mahabang rekord nito ng panunupil at kalupitan. Huwad na sinusuyo ng AFP ang masang anakpawis gamit ang mga pakitang-taong proyektong pinopondohan ng USAID at iba pang ahensya, mga "scholarship" para sa mga kabataan, mga "livelihood training" at iba pang programa para abalahin at ilayo ang atensyon ng masa sa rebolusyonaryong mga aktibidad.

Gayunpaman, hindi matatakpan ng mga hungkag na propaganda at huwad na programa ang pasistang ubod ng AFP at ng Oplan Bayanihan. Sa nagdaang limang taon, walang patumangga ang paghahasik ng terorismo at mga paglabag sa karapatang-tao ng mga armadong tropa ng AFP, mga grupo nitong paramilitar at pulis sa layuning supilin ang mga pakikibakang masa at armadong paglaban ng sambayanang Pilipino.

Walang-awat ang AFP at mga ahente nito sa mga pagpatay, pagdukot, panggigipit, iligal na pag-aresto, pagtortyur at pagkulong, okupasyon at paghahari-harian sa mga komunidad, paglapastangan sa mga eskwelahan at imprastrukturang sibilyan, panggugulo sa kaayusan, pagnanakaw, pagpapalaganap ng bisyo at gawaing anti-sosyal at iba pa.

Bigo ang Oplan Bayanihan sa paggapi sa BHB at sa ar-



madong paglaban ng sambayanang Pilipino. Sumusulong sa buong bansa ang armadong rebolusyon, kahit pa sa mga rehiyon sa silangang Mindanao, kung saan halos dalawang taon na ang sustenidong pagbuhos ng pwersa at mga operasyon ng AFP na may tuwirang suporta ng US.

Nakapaglulunsad rin ang BHB ng mga taktikal na opensiba sa iba't ibang bahagi ng bansa alinsunod sa panawagan ng Partido na paigtingin ang digmang bayan sa buong kapuluan.

Bigo ang Oplan Bayanihan na supilin ang mga demokratikong pakikibaka ng mga manggagawa, maralita at mga kabataang estudyante. Nakapagpupunyagi ang mga aktibista at lider masa sa kanilang mga pakikibaka sa kabila ng paggamit ng AFP ng iba't ibang taktika ng pananakot, panunupil at panggigipit, kabilang ang ligal na opensiba at kaliwa't kanang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, pang-aaresto at pagkukulong.

Bigo rin ang US sa plano nitong bigyan ng kredibilidad ang naghaharing estado at pagmukhain itong lehitimong pamalahaan na kumakatawan sa interes ng mamamayan. Noong 2010, namuhunan nang malaki ang US at iba pang mga imperyalistang institusyon para likhain ang ilusyon ng "tuwid na daan" at "kontra-korapsyon" gamit ang papet nitong si Benigno Aquino.

Bahagi rin ng "counter-insurgency" ng US sa Pilipinas ang pagtulak sa malaking internasyunal at lokal na burges na midya upang suhayan ang propaganda ng "malinis na gubyerno" at ang imahe ng "milagro sa ekonomya." Pinakilos ng US ang mga ekspertong manipulador nito sa opinyong publiko upang sikaping pagandahin ang imahe ng pulis, militar, hudikatura at iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong pamahalaan.

Sa kabila ng malaking buhos ng pondo, hindi nagtagal at napunit ang ilusyon ng gubyernong "malinis." Sa loob lamang ng isang taon ay lumitaw na walang pinagkaiba ang rehimeng Aquino sa mga nagdaang rehimen sa usapin ng korapsyon at kabulukan. Gumuho rin ang imahe ng "tuwid na daan" sa pagsingaw ng paggamit ng daan-daang bilyong pisong *pork barrel* ni Aquino. Labis na nahiwalay ang rehimeng Aquino bunga ng kriminal na kapabayaan sa mga sinalanta ng Yolanda, Pablo at iba pang mga bagyo at lindol at operasyong demolisyon ng AFP sa Zamboanga noong 2013. Ikinagalit din ng mamamayan ang pagsisilbi nito sa interes ng malalaking komprador at dayuhang kapitalista sa pamamagitan ng programang Public Private Partnership.

Sa pagtatapos ng rehimeng Aquino, aktibo na naman ang imperyalismong US sa pakikialam sa takbo ng eleksyon upang tiyakin na ang susunod na rehimen ay aayon sa disenyo nito sa "counter-insurgency." Para sa imperyalismong US, napakaimportante ng kredibilidad ng pamahalaan sa mga plano nito sa "counter-insurgency." Gagamitin ng US ang kontrol nito sa AFP, sa iba't ibang ahensya ng gubyerno at maging sa dekompyuter na eleksyon upang tiyaking mapasusunod nito sa dikta ang susunod na uupong pangulo at iba pang upisyal ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa pamamagitan ng mga sinanay nitong mga upisyal ng AFP, tiyak na maipagpapatuloy ng imperyalismong US ang pagpapatupad ng Oplan Bayanihan sa anyo man ng ekstensyon o sa ilalim ng bagong pangalan. Sa ilalim ng doktrina nitong "counter-insurgency," lalong iigting ang interbensyon nito sa mga operasyong kombat at saywar.

Dapat mahigpit na buklurin ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang buong sambayanang Pilipino upang ubos-kaya at lahatang-panig na labanan at biguin ang Oplan Bayanihan. Dapat ibayong palakasin ang Partido upang magsilbing matatag na ubod at pinuno ng paglaban ng sambayanang Pilipino.

Dapat puspusang ilantad ang malakolonyal at malapyudal na sistema na bulok na salalayan ng Oplan Bayanihan. Dapat ibayong


ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 16 | Disyembre 7, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Ganap na biguin ang Oplan Bayanihan ng US at estado 1
Madugong rekord ni Aquino 3
Iskema ng pangangamkam sa HLI 4
14 armas, nakumpiska sa Rizal 5
POW, pinalaya sa MisOr 5
Amerikano, iniwas sa Bilibid 6
Umento sa sahod at trabaho 7
Ribalan sa eleksyon 8
Industriya ng armas ng US 9
Kumperensya sa klima sa Paris 11
Pagpatay sa abugadong Turkish 12



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

isulong ang pambansa-demokratikong kilusang propaganda na naglalantad sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na mga ugat na mga suliranin ng mamamayang Pilipino.

Dapat paigtingin ang digmang bayan sa buong bansa. Dapat ilang ulit na palawakin at palakasin ang BHB. Tiyakin ang pagbubuo ng mga bertikal na pwersang tuwirang hawak ng rehiyon at subrehiyon, mga lokal na pwersang gerilya sa antas ng larangang gerilya, mga pwersa ng milisyang bayan at mga pwersang partisano at komando. Bakahin ang konserbatismo, gerilyaismo at adbenturismo at ilunsad ang paparami at papalaking mga taktikal na opensiba laban sa mga target na tiyak na kayang gapiin.

Mahigpit na panghawakan ang mga tungkulin sa pagsusulong ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya upang mailatag ang mga salik para sumulong sa susunod na estratehikong antas ng digmang bayan.

Dapat puspusang isulong ang rebolusyong agraryo bilang matatag na salalayan ng pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Isulong ang mga pakikibaka para sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura at pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid. Ipatupad ang maksimum na programa sa reporma sa lupa saan man ito pwedeng ipatupad. Itatag at itaas ang antas ng mga ganap sa samahang masa bilang batayan ng pagtatatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Isulong ang mga pakikibakang magsasaka sa buong bansa. Buuin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng mga magsasaka laban sa malawakang pang-aagaw ng lupa, pagpasok ng mga plantasyon at minahan, at sa malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupain para sa produksyong komersyal at pang-eksport, panturismo at para sa *real estate*.

Pag-ibayuhin ang mga pakikibakang masa ng mga manggagawa, magsasaka, maralita, kabataan, kababaihan at iba pang mga demokratikong sektor. Puspusang labanan ang mga pahirap at anti-mamamayang patakarang neoliberal na dikta ng imperyalismong US.

Labanan ang panghihimasok ng militar ng US sa Pilipinas at igiit ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement, Enhanced Defense Cooperation Agreement at iba pang tagibang na kasunduang militar sa US.

Ilantad ang "counter-insurgency" na pakikialam ng US sa Pilipinas. Ilantad ang pang-uupat nito sa AFP na ipatupad ang "solusyong militar" sa paglutas ng mga panloob na sigalot sa bansa. Ilantad ang pagtutulak nito ng "modernisasyon" ng AFP na walang dili't iba kundi pagtatambak ng mga pinaglumaang mga kagamitan ng US upang pagkakitaan at pakinabangan sa pagpapakitang-lakas ng militar nito sa Asia-Pacific.

Sa akademya at masmidya, ilantad ang AFP bilang instrumento ng US sa "counter-insurgency" at ang Oplan Bayanihan bilang gera para sa interes ng imperyalismong US. Tuluy-tuloy at walang sawang ilantad at labanan ang bawat kaso ng pang-aabuso ng militar at paglabag sa mga karapatang-tao. Buuin ang malawak na pagkakaisa ng iba't ibang sektor laban sa doktrina ng "counter-insurgency" at palakasin ang panawagan para muling simulan ang usapang pangkapayapaan bilang isa sa mga paraan para resolbahin ang mga ugat ng gerang sibil.

Ilantad at labanan ang militarisasyon ng "serbisyong publiko" at "serbisyong sibil" at kung papaanong kinokoordina ng AFP ang iba't ibang ahensya ng gubyerno sa imbing layunin ng "counter-insurgency". AB

---

## Madugo at brutal ang rekord ni Aquino

SA DARATING na Disyembre 10, gugunitain ng mamamayang Pilipino ang ika-67 Internasyunal na Araw para sa Karapatang-tao sa gitna ng walang habas na paglabag ng rehimeng US-Aquino sa mga karapatan ng mamamayang Pilipino. Mula Hunyo 2010 hanggang Setyembre 2015, nagtala ang mga grupo sa karapatang-tao ng halos 300 kaso ng mga pampulitikang pamamaslang. Naganap ang 15 masaker, kung saan 54 ang napatay. Katuwang ng militar sa mga masaker at pamamaslang ang mga bandidong grupo at mga paramilitar na binuo, pinondohan at inarmasan ng estado at malalaking kumpanya ng mina.

Habang laganap sa buong bansa ang paghahasik ng terorismo, pinakakonsentrado at maigting ang karahasan ng reaksyunaryong estado sa Mindanao kung saan tinataya ng AFP na pinakamalakas ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Laganap ang militarisasyon ng mga komunidad, okupasyon ng mga paaralan at mga imprastrukturang sibilyan, pagkontrol sa galaw ng mga tao at komersyo at pagboblokeyo sa pagkain. Laganap ang pang-aabuso, pananakot at iba pang akto ng terorismo na nagresulta sa sapilitang pagbabakwit ng libu-libo mula sa kanilang mga komunidad.

Sa huling taon nito, lalong naging masinsin at brutal ang panunupil at terorismo ng estado sa pamamagitan ng Oplan Bayanihan. Pinakahuli rito ang tangkang pagpatay sa anak ni Isabello Tindazan, pinuno ng Compostela Farmers Association (CFA) noong Nobyembre 22. Pinaulanan ng bala ng mga di-kilalang lalaki si Noel Tindazan bandang alas-2 ng hapon sa harap ng isang tindahan sa Sityo Mambusao, Ngan, Compostela.

Tumalon sa katabing daan ang nakababatang Tindazan para umiwas sa mga putok at mula noo'y di pa nakababalik sa kanilang bahay. Tulad ng kanyang ama, myembro rin ng CFA si Noel. Nangungunang organisasyon ang CFA sa paglaban sa planong operasyon ng

Agusan Petroleum and Mining Corporation, isang kumpanyang pag-aari ni Eduardo Cojuangco.

Walang puknat at tumitindi ang panggigipit sa mga aktibista at tagapagtanggol sa mga karapatang-tao. Laganap ang pagsasampa ng gawa-gawang kasong kriminal at pagkulong sa mga konsultant at tauhan sa usapang pangkapayapaan.

Hanggang ngayon ay hindi pa pinalalaya ang detenidong si Eduardo Serrano, konsultant ng National Democratic Front of the Philippines, kahit matapos ibasura ng korte ang mga gawa-gawang kasong pagpatay at maramihang pagpatay na nakasampa laban sa kanya.

Sa Bulacan, tinangka ng militar na takutin si Edita Burgos, ina ng desaparesidong si Jonas Burgos, nang pasukin nila ang sakahan ng pamilya sa Barangay Tartaro sa bayan ng San Miguel noong Nobyembre 25. Mahaba na ang pursigidong pakikibaka ng inang Burgos para maparusahan ang mga sundalong dumukot sa kanyang anak.

Samantala, nakabalik na sa Mindanao noong Nobyembre 24 ang 700 Lumad na nagtungo sa Metro Manila, matapos ang isang buwang paglalagi sa pambansang kabisera. Lantarang kasinungalingan ang ipinahayag ng tagapagsalita ng Malacañang na nagkaroon ng dayalogo sa pagitan ng mga manlalakbay at ni Aquino noong araw ding iyon.

Wala pa ni isang yunit ng AFP ang inalis mula sa mga komunidad ng Lumad at sa halip ay tuluy-tuloy pa itong nagtatambak ng dagdag na mga batalyon at kumpanya sa isla. Tuluy-tuloy rin ang pang-aabuso at militarisasyon sa mga komunidad ng Lumad.

Noong Nobyembre 30 lamang, iniulat ng Pasaka Confederation of Lumad Organizations sa Southern Mindanao Region ang panibagong pagbakwit ng mahigit 100 Lumad mula sa Side 4, Barangay Mangayon sa Compostela Valley dulot ng pagtanggi ng militar na umalis sa kanilang komunidad. Pinasok ng mga sundalo ang Side 4 noong Nobyembre 23 at inukopa ang mga bahay ng mga residente nito.

Bago umuwi ang mga manlalakbay, nagsampa sila ng kasong administratibo laban kay Armin Luistro, kalihim ng Department of Education (DepEd), sa upisina ng Ombudsman. Ayon sa Save Our Schools Network, ang kalipunang nagsampa ng kaso, nilabag ni Luistro ang mga batas na nagtatanggol sa karapatan ng mga bata nang inilabas at ipinatupad niya ang DepEd Memorandum 221.

Ang naturang memorandum na pinamagatang "Guidelines on the Protection of Children during Armed Conflict" ang nagbigay sa militar ng dahilan na igiit ang kanilang presensya sa mga eskwelahan at nagbunsod ng militarisasyon at iba pang paglabag sa karapatang-tao ng mga estudyante, guro at buu-buong komunidad. AB

## Panibagong iskema ng pangangamkam ng lupa sa HLI


KINUNDENA ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang pinakahuling pandarahas ng pamilyang Cojuangco-Aquino at kanilang mga kasapakat laban sa mga magbubukid ng Hacienda Luisita.

Noong Nobyembre 26 at 28, dalawang trak na puno ng mga sundalo at dalawang sasakyan ng pulis ang pumasok sa mga barangay ng Balete, Lourdes at Central. Nagsilbi silang gwardya ng mga manggagawa at *linesman* ng PetroSolar Corporation, ang kumpanyang nagtatayo ng Tarlac Solar Power Project (TSPP) sa loob ng asyenda.

Bago nito, nagkaroon ng kumprontrasyon sa pagitan ng mga magbubukid at mga bayarang *goons* ng kumpanya. Noong Nobyembre 21, sinuntok ng isa sa mga bayarang subkontraktor ng PetroSolar si Florida Sibayan, tagapangulo ng Alyansa ng mga Manggagawang-Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA).

Matagal nang nilalabanan ng mga magbubukid sa asyenda ang TSPP na anito'y panibagong pakana lamang para bawiin ang lupa sa Hacienda Luisita na nakatakdang ipagkaloob sa mga magbubukid. Ang pagtatayuan ng proyekto ay bahagi ng 500-ektar-

sundan sa pahina 5



mula sa pahina 4

yang lupang agrikultural na idineklara ng Department of Agrarian Reform (DAR) na saklaw ng reporma sa lupa noong 2013.

Sa kabila nito, itinuloy pa rin ang proyekto sa pakikipagtulungan sa Department of Energy. Ginamit ng Luisita Realty Corporation at Tarlac Development Coporation, mga kumpanyang pag-aari ng pamilyang Cojuangco-Aquino, at ng Rizal Commercial Banking Corporation ng pamilyang Yuchengco, ang kautusan ng DAR noong 1996 na nagpahintulot sa pagpapalitgamit ng lupang pagtatayuan ng TSPP. Ang PetroSolar ay kumpanyang pagmamay-ari din ng pamilyang Yuchengco. Kasosyo ng PetroSolar ang Conergy, isang kumpanyang German.

Binatikos ng mga magbubukid ang pagpapalusot ng rehimen sa pangangamkam ng lupa sa isang maanomalyang proyektong pinalalabas na "nakabubuti sa kalikasan." Naniniwala ang UMA at AMBALA na ang pagtatayo ng proyekto ay magbibigay-daan sa malawakang pagpapalayas sa mga magsasaka sa buong asyenda.

Mula pa 2011, marahas at sistematiko nang pinalalayas ng mga Cojuangco-Aquino ang mga magbubukid mula sa asyenda. Walang tigil ang pagmamaniobra ng pamilya, kakutsaba ang DAR, para isaisantabi ang desisyon ng Korte Suprema noong 2011 na ipamahagi ang lupa sa asyenda.

Nanawagan ang AMBALA sa mga residente ng asyenda na huwag magpasilaw sa mga pangakong benepisyo ng proyekto. Anito, "ang mura o libreng kuryente ay walang saysay kung ang mga magsasaka at residente ay mapapalayas at mawawalan ng kabuhayan sa pagsasaka..." Ang TSPP ay bahagi ng Luisita Ecozone, isang proyektong matagal nang pinapakana ng mga Cojuangco-Aquino. AB

# 14 armas, nakumpiska ng BHB-Rizal

Magkasabay na nireyd ng Bagong Hukbong Bayan-Rizal (Narciso Antazo Aramil Command o NAAC) ang Ayala Land at Selecta Farm sa Barangay Macabud, Rodriguez, Rizal, bandang alas-5 ng hapon noong Nobyembre 19.

Dalawang oras na hinalughog ng isang platun ng NAAC ang upisina at detatsment ng mga armadong goons ng dalawang kumpanya. Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ang 14 armas (siyam na riple at limang pistola), mga bala at iba pang kagamitang militar.

Ani Macario Liwanag, tagapagsalita ng NAAC, "Sa pamamagitan ng pandarahas at panlilinlang ay nakamkam ng Selecta Farm ang 45 ektaryang lupain habang ang Ayala Land ay nakakamkam ng 76 ektaryang lupain. Nagpapatuloy ito sa pagpapalawak ng lupain sa kaparirwaraan ng mga magsasaka at mamamayan sa nasabing lugar gamit ang mga bayaran at armadong *goons*."

Ang Selecta Farms (na ngayon ay Arce Dairy Products) ay pag-aari ng pamilya ni Don Mauro Arce, kasosyo ng pamilya ni Jose Concepcion sa mga negosyo nito. Ang Ayala Land naman ay pagmamay-ari ng pamilyang Ayala na kilala bilang isang multi-bilyunaryong angkan at malaking burgesya kumprador.

**Sa Bicol.** Naglabas ng pahayag ang National Democratic Front-Bicol hinggil sa mga matutunog na taktikal na opensiba na tugon ng BHB sa karahasang dulot ng Oplan Bayanihan sa rehiyon.

Mula Abril hanggang Setyembre nitong taon, nakapaglunsad ang iba't ibang yunit sa rehiyon ng 43 taktikal na opensiba. Umabot sa 30 pwersa ng kaaway ang napatay at 13 ang nasugatan. Nasamsam sa nasabing mga operasyon ang dalawang armas, mga bala at iba pang kagamitan at dokumentong militar.

Tampok sa mga aksyong ito ang dalawang-araw na koordinadong taktikal na opensiba sa lahat ng probinsya sa buong rehiyon. Mula Hulyo 20 hanggang 21, naitala ang 18 taktikal na opensiba sa Camarines Norte, Camarines Sur, Sorsogon, Albay at Masbate. AB

## POW, pinalaya sa Misamis Oriental

PINALAYA ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) ang *prisoner-of-war* (POW o bihag-sa-digma) na si Pfc. Adonis Jess Lupiba noong ika-20 ng Nobyembre sa Barangay Kaulayanan, Sugbongcogon, Misamis Oriental alinsunod sa direktiba ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Nasa kustodiya ng BHB-NCMR si Lupiba sa loob ng 132 araw. Nadakip siya noong Hulyo 11 sa isang taktikal na opensiba ng BHB laban sa mga elemento ng 58th IB sa Barangay Alagatan, Gingoog City.

Ani Allan Juanito, tagapagsalita ng BHB-NCMR, ang pagpapalaya kay Lupiba ay nagpapakita ng sinseridad ng rebolusyonaryong kilusan na maipagpatuloy ang suspendidong negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at gubyerno ng Pilipinas. Kaya lamang tumagal ng higit apat na buwan ang detensyon ni Lupiba ay dahil sa tuluy-tuloy na mga operasyong militar para diumano'y isalba siya.

Tinanggap si Lupiba ni Misamis Oriental Gov. Yevgeny Vincente Emano at ng mga grupong namagitan sa pangunguna ni Iglesia Filipina Independiente Bishop Felixberto Calang bago ibinalik sa 4th ID na nakabase sa Cagayan de Oro City. AB

# Sundalong Amerikano, iniwas sa Bilibid gamit ang VFA

Sukdulang arogansya ang ipinamalas ng mga pwersang Amerikano nang palibutan nila si US Marine Joseph Scott Pemberton noong Disyembre 1 para pigilan ang lokal na pulis na dalhin siya sa National Bilibid Prison (NBP) alinsunod sa utos ng korte. Ito ay matapos siyang hatulang nagkasala at sentensyahan.

Ginamit ng mga abugado ni Pemberton ang Visiting Forces Agreement (VFA) upang pigilan ang pagtupad ng utos ng korte. Kaagad silang nagsumite ng sulat-kamay na mosyon para sa klaripikasyon para ibalam nang ilang oras ang proseso ng paglilipat at makapagmaniobra ang rehimeng Aquino.

Sa harap ng presyur, inamyendahan ng korte ang desisyon nitong ikulong si Pemberton sa NBP at inutos na lamang ang presentasyon ng isang diumano'y kasunduan sa pagitan ng gubyernong US at Pilipinas kung saan siya ibibimbin sakaling hatulan siyang nagkasala, alinsunod sa mga probisyon ng VFA.

Mula sa korte, dinala si Pemberton sa pasilidad ng US sa loob ng Camp Aguinaldo. Pinalabas ng rehimen na "ekstensyon" ng NBP ang pasilidad para sa pagkukulong kay Pemberton sa kabila nang ang US ang namamahala sa pag-aayos dito alinsunod sa sarili nitong mga pamantayan.

Sa pagmamaniobra ng rehimen para iligtas Pemberton sa hatol at tratuhin siya bilang espesyal na kaso, muli nitong ipinamalas ang todo-todong pagpapakatuta sa amo nitong imperyalismong US. Sa araw ng paghahatol, lantaran ang pakipagkutsabahan ng rehimen sa mga pwersang panseguridad ng US nang utusan nito ang Department of Justice na ibalik sa Camp Aguinaldo si Pemberton sa kabila ng deklarasyon ng korte na isa siyang "pambansang bilanggo." Alinsunod sa mga batas ng Pilipinas, sinumang kriminal na nahatulan ng pagkabilanggo nang lampas tatlong taon ay dapat ibimbin sa NBP o sa iba pang rehiyunal na kulungang itatakda ng korte.

Napatunayang walang dudang pinatay ni Pemberton si Jennifer Laude, isang *transgender* na babae, sa isang hotel sa Olongapo City noong Nobyembre 15, 2014. Kinasuhan si Pemberton ng "murder" pero hinatulan sa mas mababang kaso ng "homicide" dahil pinalampas ng korte ang mga ebidensya ng pagtataksil, paggamit ng superyor na lakas at brutalidad sa pamamaraan ng pagpatay sa biktima.

Ito ay sa kabila ng mga patunay na sinakal ni Pemberton si Laude mula sa likod, kinaladkad patungo sa banyo kung saan inilublob ang kanyang ulo sa inidoro habang pinaaapaw ang tubig nito. Ayon sa awtopsiya, namatay si Laude ang kawalan ng hangin *(asphyxia)* dulot ng pagkalunod.

Itinuring din ng korte na sirkunstansyang nakapagpapagaan sa kaso ang "galit at pagkamuhi" ni Pemberton na nagtulak sa kanya para patayin si Laude nang malaman niya ang tunay na kasarian ng *transgender.* Bigwas ito sa lahat ng mga indibidwal na bulnerable sa mga krimen ng pagkamuhi dahil lamang sa pinili nilang oryentasyong sekswal.




Dahil dito, mas magaan ang naging sentensya ng korte na pagkabilanggo nang anim hanggang 12 taon, isang parusang hindi nakasasapat para sa pamilya at tagasuporta ng biktima. Ito ang kauna-unahang pagkakataong nahatulan sa kasong pagpatay ang isang sundalong Amerikano sa Pilipinas. Tumagal nang halos isang taon ang paglilitis sa kaso.

Sa pagkulong kay Pemberton sa Camp Aguinaldo, malinaw na walang intensyon ang US na ipailalim siya sa awtoridad ng Pilipinas. Paulit-ulit nang ginamit ng US ang VFA para protektahan at iuwi ang kanilang mga tauhang nasakdal at nahatulan na nararapat parusahan sa ilalim ng mga batas ng Pilipinas. Katulad sa naunang mga kaso, limitado ng mga probisyon ng VFA ang pagpapatupad sa mga ito.

Tulad ng nangyari kay Lcpl. Daniel Smith na hinatulang nagkasala sa kasong panggagahasa noong 2005, hindi mag-aatubili ang US na balewalain ang kautusan ng korte at ikulong ang kanilang tauhan saanman nila gusto. Sa kaso ni Smith, ikinulong siya sa loob ng US Embassy at inilabas sa bansa sa pinakamadaling panahon.

Sinalubong ng mga protesta ang hatol ng korte na *homicide* ang krimen ni Pemberton at ang pagligtas sa kanya sa detensyon sa NBP. Noong Disyembre 1, nagrali ang Bayan malapit sa korte sa Olongapo City habang hinihintay ang hatol nito. Noong Disyembre 4, naglunsad ang Bayan Muna at iba't ibang sektor ng protesta sa harap ng Camp Aguinaldo para igiit ang paglipat kay Pemberton sa kustodiya ng Pilipinas at pagpiit sa kanya sa NBP. AB

# Umento sa sahod at trabaho, sigaw sa Araw ni Bonifacio

Pinamunuan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang malaganap na mga pagkilos bilang pag-alala sa ika-152 araw ng kapanganakan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30. Pangunahin nilang iginiit ang dagdag na P125 sa arawang sahod at pagbasura sa patakarang kontraktwalisasyon.

Ayon sa KMU, mapagpasya nilang ipaglalaban ang P125 dagdag-sahod dahil lubhang kapos ang kasalukuyang kinikita ng mga manggagawa para tugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Giit din ng mga kawani ang karagdagang P6,000 sa kanilang buwanang sweldo.

Pinasinungalingan ng KMU ang pahayag ni Benigno Aquino na umano'y umuunlad ang bansa at kabilang ang lahat sa pag-unlad na ito. Ayon sa pangkalahatang kalihim ng KMU na si Roger Soluta, hindi dama ng mga manggagawa ang sinasabing pag-unlad. Sa halip aniya, iilan lamang mula sa naghaharing gubyerno at malalaking negosyo ang labis na nakinabang sa mga manggagawa at konsyumer.

Inilunsad ang mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa Maynila, iginiit ng daan-daang mamamayan ang pagbasura sa mga kaisahan sa katatapos lamang na Asia Pacific Economic Cooperation Summit, at pagpapatigil sa pribatisasyon ng mga pampublikong ospital.

Sa Cebu City, nagprotesta ang mga empleyado ng Cebu Puericulture Center and Maternity House, Inc. laban sa pambabarat ng pagamutan sa hinihinging dagdag-sahod. Pinanawagan din ng mga guro sa ilalim ng Alliance of Concerned Teachers ang buwanang sahod na P25,000 para sa Teacher 1, at P16,000 naman para sa mga tumatanggap ng Salary Grade 1. Samantala, ang Kabataan Partylist ay naggiit ng dagdag na subsidyo para sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad. Nakiisa ang Swedish Municipal Workers' Union sa mga nagprotesta.

Sa Negros Occidental, nagtungo ang mga myembro ng Koalisyong Makabayan sa Bacolod Plaza upang doon isagawa ang kilos protesta matapos nilang isagawa sa *provincial multi-purpose center* ang kanilang pamprubinsyang asembliya.

Sa Cagayan de Oro City, ginanap ang kilos-protesta sa Bonifacio Monument sa Divisoria kung saan nagtipon at nagsagawa ng programa ang daan-daang mga aktibista. Nagkaroon din ng malalaking rali sa mga syudad ng Davao at Cotabato.

Ang pakikibaka ng mamamayan para sa umento sa sahod ay matatag na isinusulong sa harap ng tuluy-tuloy na pagtanggi ng mga nagdaang rehimen na magbigay ng makatarungang sahod. Binatikos pa ng KMU ang pagsalungat din ni Aquino sa panukalang paglilibre sa pagbayad ng buwis ng mga kumikita lamang ng P33,000 kada buwan.


Sa pagtatapos ng mga pagkilos, inihayag ng KMU na walang maaasahan ang mga manggagawa sa isang gubyernong hindi naglilingkod sa mamamayan. Idineklara ni Soluta na determinado nilang ipagpapatuloy ang laban ni Bonifacio para sa isang malaya at makatarungang lipunan.

**SSL ng 2015, binatikos**

Samantala, binatikos ng mga guro at kawani ng gubyerno ang ipinasa ng Malacañang na Salary Standardization Law ng 2015. Anila, ipinasa ang batas para paburan ang bundat na matataas na upisyal na gubyerno habang binabarat ang mga ordinaryong empleyado.

Sa ilalim ng batas, magkakaroon ng pagtaas sa 33 antas ng sweldo o *salary grade* ng mga kawani sa loob ng apat na taon. Ang nasa pinakamababa o *salary grade* 1 (SG1) ay tatanggap ng 23% na pagtaas sa sweldo mula P9,000 tungong P11,068; habang ang SG11 (mga guro at nars) ay itataas nang 12% mula P18,549 tungong P20,754. Katumbas ang mga pagtaas sa dagdag na P24 lamang kada araw o P480 kada buwan. Napakalayo nito sa kagyat na hinihingi ng pampublikong sektor na P16,000 sa SG1 at P25,000 para sa mga guro at nars. Mas malayo pa ito sa kinakailangang P750 arawang sahod o halos 33,000 kada buwan para mabuhay nang disente ang lima kataong pamilya.

Sa kabilang banda, itinaas ng SSL 2015 ang sweldo ng presidente nang 223% mula sa P120,000 tungong P268,096 at ng mga senador, kongresista, myembro ng gabinete at Korte Suprema nang 186% mula P90,000 tungong P257,809. Magkakabisa ang batas simula Enero 2016. AB



# Ribalan sa eleksyon, tumitindi

Batbat ng tumitindi at sari-saring krisis ang ribalan ng mga pulitiko sa darating na halalan. Nagdesisyon ang Commission on Elections (Comelec) na ikansela ang *certificate of candidacy* (COC) ni Sen. Grace Poe, isa sa nangungunang kandidato at kalaban ng manok ng rehimen na si Mar Roxas. Nabalewala ang pagsala sa botante sa pamamagitan ng *biometrics* o muling pagrehistro gamit ang litrato at tatak ng daliri.

Samantala, pormal na ring nagdeklara si Mayor Rodrigo Duterte ng Davao City na tatakbo siya sa pagkapresidente matapos ang ilang buwang pag-uurong-sulong. Inihain ni Duterte ang kandidatura sa pagkapresidente noong Disyembre 2 bilang kapalit ng naunang kandidato ng Partido Demokratiko Pilipino-Laban (PDP-Laban).

**Diskwalipikasyon ni Poe, maniobra ng rehimen**

Kinansela noong Disyembre 1 ng Comelec sa pamamagitan ng desisyon ng pangalawang dibisyon nito ang inihaing COC ni Grace Poe sa paglahok sa halalan dahil sa hindi umano siya pumasa sa mga rekisitong itinakda ng konstitusyong 1987 kapwa sa usapin ng pagiging "natural-born" na Pilipino at tagal ng pamamalagi sa Pilipinas bago ang eleksyon sa Mayo 2016.

Pinaburan ng desisyong ito ang petisyon ng abugadong si Estrella Elamparo na nagsabing kulang sa 10 taon ang pananatili ni Poe sa bansa. Pinaburan din nito ang pananaw na hindi "natural born" si Poe dahil isa siyang abandonadong sanggol at hindi kilala ang kanyang mga magulang. Nakatakdang iapela ni Poe sa buong Comelec ang desisyon. Liban dito, nahaharap din si Poe sa iba pang kaso para sa kanyang diskwalipikasyon. Tinatayang aabot sa Korte Suprema ang kanyang mga apela.

Ang kanselasyon ng COC ay pinaniniwalaang bahagi ng mga maniobra ng kampo ni Roxas para isa-isang idiskwalipika ang kanyang mga kalaban sa pamamagitan ng iba't ibang butas at teknikalidad. Binatikos ng Bayan si Roxas sa "sistematikong eliminasyon" gamit ang rekurso ng estado para tiyakin ang kanyang pagkapanalo.

**Poe, sinuportahan at pinuna**

Inilabas ng koalisyong Makabayan noong Nobyembre 5 ang deklarasyon ng pagsuporta sa kandidatura nina Grace Poe at Francis Escudero bilang pangulo at pangalawang pangulo. Kasabay ng deklarasyon, isinapubliko nito ang platapormang pinamagatang "Tugon sa mga Hinaing at Mithiin ng Bayan Para sa Pagbabago at Pagunlad ng Mamamayan" na magkasamang pinirmahan ni Poe at Escudero at mga kinatawan ng Makabayan.

Anang Makabayan, sinuportahan nila si Poe at Escudero dahil sa "komitment sa plataporming nagtataguyod ng makabuluhang repormang sosyo-ekonomiko at pulitikal; mabuting rekord bilang lingkod-bayan; at pagiging-bukas sa pakikipagtulungan sa mga progresibong pwersa."

Kabilang dito ang pagtugon sa problema sa lupa, paggalang sa karapatan ng katutubo at pagtaguyod sa nagsasariling patakarang panlabas.

"Habang maraming mga puntos sa aming plataporma ang nagsasalubong, alam naming may mga puntos ng pagkakaiba sa kanila," anang Makabayan.

Noong Nobyembre 28, binatikos ng independyenteng grupong Ibon Foundation ang plataporma sa ekonomya ni Poe dahil "magpapatuloy lamang (ito) sa krisis sa bansa na dala ng mga patakaran sa ilalim ni Aquino."

Pinuna ng Ibon ang pagsuporta ni Poe sa pagbabago sa saligang-batas o "cha-cha" na "pipigil sa paglikha ng mga patakarang nakatuon sa kaunlaran at dahil dito'y lalo pang mahihirapan ang bansa sa paglutas sa permanenteng kawalan ng trabaho at pagdarahop ng mamamayan." Tinawag ng Ibon na "nakababahala" ang pagkiling ni Poe sa pagbubukas ng protektadong mga sektor sa dayuhang kapital at pagmamay-ari. Ayon sa Ibon, walang bago sa gayong mga pamamaraan at lumalabas na "karugtong" lamang siya ni Aquino.

Pinuna din ng Ibon ang mga personaheng pinili niyang maging mga tagapayo sa ekonomya na pawang kumikiling sa tunguhin sa globalisasyon ng "malayang kalakalan."

**Duterte, pinuri at pinuna**

Pinuri naman ng Kilusang Mayo Uno (KMU) si Duterte sa kanyang pahayag na sinisira ng sistema ng kontraktwalisasyon ang kakayahan ng mga manggagawa na tugunan ang pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Ayon kay Elmer Labog, tagapangulo ng KMU, "natutuwa kami na may makamanggagawang tindig si Duterte sa isa sa pinakaimportanteng usapin



ng manggagawa."

"Hindi sapat na banggitin ng mga kandidato sa pagkapresidente ang mga hakbang na umano'y magbubunsod ng kaunlaran sa ekonomya," dagdag niya. "Sa panahon ngayon na ang sinasabing pag-unlad ng ekonomya ay nangangahulugan lamang ng dagdag na tubo ng iilan, dapat talakayin ng mga kandidato ang mga hakbang na magpapaunlad ng buhay ng mga manggagawa at maralita."

Samantala, binatikos ng Gabriela Women's Party (GWP) ang pagmamalaki ni Duterte sa kanyang pambababae at pagtrato sa mga kababaihan bilang mga bagay na insulto sa kanila. Inilabas ng GWP ang pahayag matapos aminin ni Duterte na bukod sa kanyang asawa, may isa pa siyang asawa at dalawang nobya. "Sinasalamin nito ang *machismo*, nagpapatibay sa mababang pagtingin ng lipunan sa kababaihan at samakatwid magbubunsod ng bulnerabilidad ng kababaihan...," wika ni Rep. Emmie de Jesus ng GWP.

Hinikayat ng Gabriela si Duterte at iba pang kandidato na palalimin ang mga plataporma at talakayin ang mga usapin ng kababaihan at mamamayan imbes na gumamit ng mga mapanakit na salita at gawa na nakaiinsulto sa kababaihan." Sa kabilang panig, kinilala rin ng Gabriela-Davao ang naging pagsuporta ni Duterte sa mga usaping kababaihan.

**Pagbasura sa *biometrics***

Samantala, nagdesisyon ang Korte Suprema na pansamantalang isuspinde ang paggamit ng sistemang *biometrics* batay sa petisyon na inihain ng Kabataan Partylist (KPL). Isinampa ng KPL ang petisyon dahil tinatayang mayroong tatlong milyong bago at dating botante ang hindi makaboboto dahil lamang hindi sila nakapagparehistro sa *biometrics.* Isinara ng Comelec ang rehistrasyon para sa *biometrics* noong Oktubre 31. AB

# Industriya ng armas ng US, nabubundat

Malaking pakinabang sa US ang inuupat nitong mga tensyon sa teritoryo sa Asia at Europe, gayundin ang pag-iral ng nilikha nitong mga grupo tulad ng Islamic State in Iraq and Syria (ISIS o IS) at kanilang mga teroristang aktibidad sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Nilikha ng mga ito ang palengke para sa dagdag na mga armas sa mga rehiyong sangkot sa mga tensyon at kaguluhan at pinasigla ang negosyo ng pinakamalalaking kumpanya sa armas na nakabase pangunahin sa US.


Ayon mismo sa Pentagon, tumaas nang 36% o $46.6 bilyon ang naibentang armas ng US sa mahigit 100 bansa ngayong 2015. Malaking bawi ito mula sa pagbaba ng kita ng mga kumpanyang US sa nakaraan. Pito sa 10 pinakamalalaking kumpanyang nagbebenta ng armas ay mula sa US. Nangunguna rito ang Lockheed Martin, kasunod ang Boeing. Kabilang rin sa pinakamalalaki ang Raytheon, Northrop Grumman, General Dynamics, United Technologies at L-3 Communications.

Halos sangkatlo ng taunang kabuuang benta o 30% ay sa mga bansang alyado nito. Ayon sa mga eksperto sa depensa, lalo pang tataas ang benta ng US habang tumatagal ang mga gerang *proxy,* rehiyunal na sigalot at pang-aatake at kontra-atake sa mga grupong terorista.

Sa halagang $640 bilyon noong 2013, saklaw ng US ang sangkatlo (37%) ng gastos sa armas sa daigdig – mas malaki pa sa pinagsamang gastos ng susunod na 14 na bansa, kabilang na ang China at Russia. Pinakamalaking tagabenta din ng armas ang US sa buong daigdig – 29% ng kabuuang benta noong panahong 2009-2013 at 43% noong 2014.

Sa Middle East, ibinunsod ang malakihang paggasta ng mga atake at kontra-atake ng ISIS at sa nilikha ng US na takot sa armas nukleyar ng Iran. Ang Saudi Arabia at United Arab Emirates, halimbawa, ay gumastos nang mahigit $9 bilyon para sa mga misayl na Patriot. Bumili naman ang gubyerno ng Iraq ng mga tangke na nagkakahalaga nang $2.4 bilyon at mga helikopter ($4.8 bilyon) mula sa General Dynamics para labanan ang ISIS. Sa kabuuan, gumastos na ang Saudi Arabia ng $80 bilyon para sa mga bagong armas habang $23 bilyon naman ang ginastos ng UAE.

Sa Europe, puspusan ang pagbebenta ng US ng mga armas sa mga bansang sangkot sa pakikipaggirian nito sa Russia. Bumili na ang Estonia, Norway, Poland at halos



lahat ng bansa sa Europe ng mga misyal at sistema sa depensa mula sa Raytheon. Tinatayang dumagdag ito nang $10 bilyon sa kabuuang benta ng mga kumpanyang US para sa kasalukuyang taon.

Sa Asia, tumaas nang $14 bilyon ang benta ng armas ng mga kumpanya ng US. Pangunahin dito ang paggasta ng South Korea ng mahigit $11 bilyon para pataasin ang kakayahan ng mga eroplanong pandigma nito sa gitna ng tensyon sa pagitan nito at ng North Korea. Nakatakda ring bumili ng dose-dosenang eroplanong pandigma ang Japan para harapin ang pinaigting na tensyon sa pagitan nito at China. Samantala, milyun-milyong dolyar na rin ang ginastos ng Indonesia para sa "modernisasyon" ng kanilang hukbong panghimpapawid at pandagat. Nitong taon lamang, bumili ng mga helikopter ang India mula sa Boeing sa halagang $3 bilyon. Ang India ang pangalawang pinakamalaking mamimili ng armas ng US, kasunod sa Saudi Arabia. Pang-apat at panlima ang Taiwan at Singapore.

Partikular sa Pilipinas, pinabilis ng rehimeng US-Aquino ang pagbili ng armas mula sa US gamit ang mga tensyon sa South China Sea. Noong Nobyembre 25 lamang, dumating sa bansa ang dalawang FA-50, pauna sa 12 eroplanong pandigma na binili ng rehimen mula sa Korean Aerospace Industries sa halagang $35 milyon (P1.6 bilyon) kada isa. Pauna ang mga ito sa 12 eroplanong binili ng rehimen sa Korean Aerospace Industries, isang kumpanyang kasosyo ng Lockheed Martin.

Bago nito, gumastos ang Pilipinas ng $15 milyon (P705 milyon) para kumpunihin ang ipinasa ng US na isang barkong Hamilton-*class cutter*, na ngayo'y kinikilala bilang BRP Gregorio del Pilar. Kasabay nito, nagbayad ang bansa nang $61 milyon (P2.9 bilyon) para sa "ipinasa" ng US na isang C-130 at kaakibat nitong mga kagamitan, pyesa, pagsasanay at suportang lohistika. Dagdag ang mga ito sa pinaglumaang mga kagamitang militar na "ipinagkaloob" ng US at mga kaalyado nito sa diumano'y mababang halaga. Mga halimbawa nito ang dalawang *transport ship* mula sa Australia, walong Bell-214EP na helikopter mula sa Canada at US at dalawa pang *attack helicopter* mula sa US.

Naglaan ng mahigit $920 milyon ang rehimeng Aquino sa pagbili ng pinaglumaang mga armas mula 2010 hanggang 2014, doble sa ginastos ng rehimeng US-Arroyo sa loob ng 10 taong panunungkulan nito. Batbat sa anomalya at korapsyon ng matataas na upisyal militar ang proseso ng pagbili ng mga luma at sira-sirang gamit-militar na madalas magresulta sa mga aksidente. Noong Nobyembre 6 lamang, bumagsak ang isang Bell UH-1D na helikopter habang sumasaklolo sa mga sundalong inambus ng BHB sa Sarangani. Ang naturang helikopter, na modelong 1963 pa, ay kabilang sa 21 binili ng AFP sa US at Canada noong 2013 sa halagang P1.2 bilyon.

Sa kabila nito, inianunsyo ng rehimen noong Nobyembre 30 ang programa ng paggasta na nagkakahalaga ng P44 bilyon para sa pagbili ng dagdag pang kagamitang militar sa susunod na pitong taon. Ilan sa nasa listahan nitong bilhin ang dalawang barko, walong *amphibious assault vehicle*, tatlong *anti-submarine helicopter,* dalawang *long-range patrol aircraft*, tatlong *aerial radar* at mga bala para sa mga *jetfighter* at mga eroplanong pang-*close support*.

Ang mga kontrata para sa pagsuplay ng mga ito ay ibinukas na ng rehimen sa pinakamalalaking kumpanya sa armas ng US tulad ng Lockheed Martin at Textron, gayundin ang kumpanyang Thales ng France, Saab ng Sweden at ang dibisyong militar ng Airbus ng UK. Isa sa mga nakasalang na kontrata ang para sa pagsuplay ng anim na *close-air-support aircraft* (mga eroplanong pambomba na ginagamit pansuporta sa mga tropang pangkatihan) na nagkakahalaga ng $114 milyon.

Bagamat maliit ang badyet ng Pilipinas para sa paggastang militar kumpara sa ibang bansa, itinuturing pa rin ito ng mga kumpanya sa armas bilang mahalagang pamilihan dulot ng napipintong pagbabalik ng mga base militar ng US sa bansa sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. AB

| PINAKAMALALAKING EKSPORTER NG ARMAS, 2014 | PINAKAMALALAKING IMPORTER NG ARMAS, 2014 |
|---|---|
| **US: $10.2 bilyon** | **Saudi Arabia: $2.6 bilyon** |
| **Russia: $6 bilyon** | **India: $1.5 bilyon** |
| **China: $2 bilyon** | **China: $1.3 bilyon** |
| **France: $1.2 bilyon** | **Indonesia: $1.2 bilyon** |
| **Germany: $1.1 bilyon** | **Vietnam: $1.05 bilyon** |
| **UK: $1.08 bilyon** | **Taiwan: $1.03 bilyon** |
| **Israel: $1.07 bilyon** | **UAE: $1.03 bilyon** |
| **Spain: $800 milyon** | **Australia: $842 milyon** |

*Datos mula sa Stockholm International Peace Research Institute*

# Kumperensya sa klima, sinalubong ng protesta

Daanlibong mamamayan ang nagmartsa't nagprotesta kasabay ng kumperensya hinggil sa klima na idinaos sa Paris, France. Nagsimula noong Nobyembre 30 ang 21st Conference of Parties (COP21) para sa UN Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) at magtatagal hanggang Disyembre 11. Binatikos ito ng International League of People's Struggles (ILPS) bilang inutil dahil hindi nito tinutugunan ang paghangad ng mamamayan para sa katarungang pangklima at panlipunan.

**Mga protestang internasyunal**

Umabot sa 2,100 iba't ibang protesta, kabilang ang 51 martsa, ang isinagawa bago at kasabay ng COP21. Sa mismong Paris, kung saan ipinagbawal ang lahat ng anyo ng protesta o pagtitipon pagkatapos ng mga teroristang pang-aatake sa syudad, isinagawa ang tahimik na protesta ng 600 pintor kung saan itinanghal ang kanilang mga obrang tumutuligsa sa anila'y pagbabalewala sa klima na nagaganap sa kumperensya.

Noong Nobyembre 29, nagmartsa ang 200 nakamaskara sa mga lansangan ng Paris. Nagbuo naman ng *human chain* ang 4,500 mamamayan kahit na ipinagbawal ng pulisya ang gayong mga pagtitipon sa harap ng idineklara "state of emergency" sa kabuuan ng syudad. Umaabot naman sa 11,000 pares ng mga sapatos ang inihanay sa kilalang Place de la Republique sa tinawag na "Shoe March" o Martsa ng mga Sapatos para katawanin ang mga aktibistang hindi makapagprotesta dahil sa pagbabawal.

Sa Australia, umaabot sa 130,000 ang nagrali bilang bahagi ng pandaigdigang Global Climate March, isa sa pinakamalaking protestang naisagawa sa kasaysayan kaugnay sa pagbabago sa klima. May 45,000 ang lumahok sa Sydney, kabisera ng Australia, sa tinaguriang pinakamalaking pagtitipon na naisagawa sa naturang lunsod.

Sa Brisbane, 5,000 mamamayan, karamihan mga katutubong Aborigines, ang nagmartsa para iprotesta ang pagtatayo ng dagdag na mga minahan ng karbon *(coal)* sa kanilang lupain.

Isinagawa din ang martsa sa London ng 50,000 mamamayan mula sa Hyde Park hanggang sa Whitehall, ang distrito ng pamahalaan ng United Kingdom, na nilahukan ng mga artista at lider ng parlamento. Umabot din sa 10,000 ang nagmartsa sa Berlin, at 20,000 sa Madrid.

Sa Pilipinas, nagtipun-tipon ang mga taong simbahan, katutubo, at mga aktibistang kaanib ng Kalikasan People's Network sa Plaza Rajah Sulayman sa Maynila para sa Climate Solidarity Prayer noong Nobyembre 29. Dala ang mga plakard na nananawagang ipagbawal ang mga pabrikang gumagamit ng karbon at pagmimina ng karbon ng mga dayuhang kumpanya, nagdasal, nagtanghal at kumanta ang mga sumama sa martsa.

**Inutil na kumperensya**

Ayon kay Jose Ma. Sison, tagapangulo ng ILPS, mula noong lagdaan ang UNFCCC noong 1992 at magkabisa makalipas ang tatlong taon, walang nangyari sa pangako ng pinakaindustriyalisadong mga bansa na bawasan ang kanilang nalililkhang *carbon dioxide* (CO2) at iba pang klase ng *greenhouse gasses* (GHG). Ang GHG ay mga *gas* na hindi nakakatakas at nagkukulong ng init sa atmospera.

Likha ng US ang 27% ng kabuuang GHG mula 1850 hanggang 2011, samantalang 25% ang likha ng mga bansang bumubuo ng European Union. Kung ibabatay sa bilang ng tao sa bawat bansa, pinakamalaking lumilikha ng GHG ang mga bansang US, Russia, Japan at EU. Sinusundan ito ng China, Brazil, Indonesia, India at Mexico.

Ang paglaki ng GHG ay nagpapainit sa atmospera. Naitala ang 2014 bilang pinakamainit na taon mula noong 1890. Dahil dito, natutunaw ang yelo sa hilaga at timog na bahagi ng daigdig na nagresulta sa taun-taong pagtaas ng dagat nang 3.3 milimetro.

Nagreresulta ito sa mga pagbabago sa balanse at mga padron ng panahon katulad ng matitinding tagtuyot, malalakas na bagyo, madada las at mahahab ang pana



hon ng pag-ulan, pagbaha, pagkitid ng mga baybayin at pagguho ng lupa.

Pinalalala ng mga patakarang neoliberal ang mga pagbabago sa klima. Binubuksan ng mga ito at ng imperyalistang globalisasyon ang lahat ng bansa sa walang-tigil na panghihimasok, kontrol at pandarambong ng mga likas na yaman at mga rekursong pantao, pinansyal at pang-ekonomiko ng mga higanteng korporasyong monopolyo.

"Sa paghahangad ng superganansya, walang-awang dinadambong ng mga monopolyo kapitalista ang mga gubat, mineral, reserbang pang-enerhiya, malinis na tubig, at lupang agrikultural... Sa mga lugar na said na ang mga rekursong natural, itinatayo ang mga engklabo ng mga pabrika, mga resort na palaruan ng mayayaman, at imbakan ng mga basurang nakalalason," ani Sison.

Binatikos din ni Sison ang mga bansang pinakamalaking bumubuga ng GHG sa hindi pagtupad sa mga pangakong binitiwan sa nakaraan tulad ng Kyoto Protocol ng UNFCCC noong 1997. Nilulusutan ng pinakamalalaking salarin ang mga multa sa pamamagitan ng pagpapalabas na namumuhunan rin sila sa "malinis na enerhiya."

Agresibo nilang pinalalabas na malinis ang marurumi at nakasisirang pagmumulan ng enerhiya tulad ng mga malalaking dam, lakas nukleyar, at *biofuel*. Pinalalawak din ng imperyalismo ang industriya ng panggatong sa pinakamapanira at marahas na paraan, tulad ng malawakang *fracking* (paggamit ng malinis na tubig para palabasin ang natitirang langis sa ilalim ng lupa), paghuhukay sa Arctic at Antartica at paglalatag ng bagong mga tubo ng langis sa North America, Europe, Asia at Africa.

Nakiisa ang ILPS sa lahat ng mga kilusan ng mamamayan sa daigdig sa panawagan para sa higit na mataas na antas ng pagkilos hinggil sa klima na hindi nakatali sa anumang bagong alituntunin na iluluwal ng COP21.

"Ang pakikibaka para sa hustisyang pangklima at panlipunan laban sa imperyalismo ay nangangahulugan sa pagtatatag ng mamamayan ng daigdig ng alternatibong sistemang panlipunan na nakatuon sa paglaya ng mga naghihirap, at pambansang paglaya ng mga bansang malaon nang inaapi ng sistemang neokolonyal," dagdag ni Sison.

**Ipokritong pagdalo ni Aquino**

Samantala, dumalo si Aquino sa COP21 bilang isa sa 140 lider na magbibigay ng tatlong minutong pananalita. Habang mistulang nagmamakaawa para bigyan ng ayuda dulot ng epekto ng pagbabago sa klima, ipinagtanggol nito ang walang rendang paggamit at pagpapalawak ng maruruming enerhiya katulad ng mga plantang gumagamit ng karbon o *coal-fired*.

Mula 2010, inaprubahan ni Aquino ang pagtatayo ng 28 plantang *coal-fired* para sa susunod na tatlong taon at dagdag na 32 hanggang 2020. Dagdag ang mga ito sa umiiral nang katulad na mga planta tulad ng mga planta ng San Miguel Corporation (SMC) sa Mindanao. Pag-aari ni Eduardo Cojuangco, tiyuhin ni Aquino, ang naturang mga planta. Ang SMC din ang may-ari ng plantang *coal-fired* sa Sual, Pangasinan. Si Cojuangco rin ang may-ari ng pinakamalaking *hydropower dam* sa Pilipinas, ang San Roque dam sa Agno River.

Pinakamaruming klase ng paglikha ng kuryente ang mga plantang *coal-fired* kaya hungkag ang pangako ni Aquino na maibababa ng Pilipinas ang ibinubuga nitong karbon nang 70% mula 2020 hanggang 2030.

Ayon sa Union of Concerned Scientists, ang isang plantang *coal-fired* na may kapasidad na 600-MW ay lumilikha ng 3.5 milyon toneladang *carbon dioxide* kada taon. Ang kabuuang kapasidad ng lahat ng gumaganang plantang *coal-fired* sa buong bansa sa kasalukuyan ay 5,677 MW at madadagdagan ng 4,000 MW kapag natapos ang mga bagong planta sa susunod na mga taon. Nangangahulugan ito na di-bababa sa 60 milyon toneladang *carbon dioxide* kada taon ang ibubuga ng naturang mga planta sa hangin, na siya namang dadagdag sa *greenhouse gasses* sa atmospera. AB

## Pagpatay sa maka-Kurdistang abogado sa Turkey, nagbunsod ng protesta

LIBU-LIBONG mamamayan sa Istanbul, Ankara at iba pang malalaking syudad sa Turkey ang nagprotesta noong Nobyembre 29 upang kundenahin ang asasinasyon kay Tahir Elci, isang kilalang abugadong tagapagtanggol ng karapatang-tao at ng interes ng minoryang mamamayang Kurd.

Binaril si Elci noong Nobyembre 28 habang nagsasalita sa isang *press conference* sa isang makasaysayang moske sa syudad ng Diyarbakir sa timog-silangang Turkey.

Si Elci ay mahigpit na kritiko ng pandarahas ng gubyernong Turkey sa minoryang Kurd. Kinundena niya ang *crackdown* sa mga eryang kontrolado ng Kurdistan Workers' Party (PKK) simula Hulyo. Nagpataw ang gubyerno ng *curfew* sa buo-buong mga komunidad habang naglalabanan ang mga pwersang panseguridad ng estado at mga mandirigmang Kurdish sa ilalim ng PKK.

Iginigiit ni Elci na hindi dapat tawaging teroristang organisasyon ang PKK, taliwas sa paninindigan ng mga gubyerno ng Turkey at US, at ng European Union. Limang araw matapos nito, inaresto si Elci dahil nagpapalaganap diumano siya ng "teroristang propaganda." AB